# Ang mga Nawawalang Bangus

CHUCKBERRY PASCUAL

## Ang Biktima

Nagsimula ang lahat sa mga bangus ni Sonia. Sa loob ng isang linggo, apat na beses siyang ninakawan ng bangus. Tatlong beses sa hapunan, isang beses sa agahan.

Mabilog na babae si Sonia, kahit noong bago pa ikasal, pero lumala ang kabilugang ito pagkatapos siyang iharap ni Godofredo sa altar. Dahil mahilig siyang magluto, araw-araw siyang naghahanda ng masasarap na putahe. Pero kahit pareho lang sila ng kinakain ni Godofredo, siya lang ang lumalaki.

Gabi-gabi, hinihintay ni Sonia ang bana para sabay silang maghapunan. Noong una, umuuwi pa ito bago mag-alas-otso ng gabi. Naiintindihan naman ni Sonia na mahirap talaga ang trabaho ng arkitekto. Maliban pa sa mahirap din talagang mamasahe anumang oras sa Maynila, kaya nga ipinaghahanda rin niya ng sandwich ang asawa tuwing umaga. Para may kakainin ito kung sakaling abutin ng matinding trapik sa biyahe.

Pero nang magsimula siyang lumintog, nagsimula na ring mahuli sa pag-uwi si Godofredo. Mula alas-otso, naging regular ang pag-uwi ni Godofredo nang alas-diyes. Tinatanggap lang niya ang paliwanag ng bana, kesyo maraming kailangang tapusing trabaho.

Hanggang naging alas-dose, ala-una, alas-dos ng madaling araw ang pag-uwi ni Godofredo. Gabi-gabi na kung malipasan ng gutom si Sonia. Nasanay na siyang matulog sa sofa kahihintay. Hindi na rin sila nagkikita sa umaga. Dahil napupuyat sa kahihintay, tinatanghali si Sonia ng gising. Nakikita na lang niya ang mga bakas ni Godofredo sa umaga: ginamit na pinggan at kubyertos, maruruming damit na nakabalumbon sa likod ng pinto ng banyo, tumapong foot powder sa sahig. Sa kabila ng pagkalam ng sikmura gabi-

gabi, hindi naman nangayayat si Sonia. Dumoble pa nga ang timbang niya. Binababawi niya sa agahan at tanghalian ang gutom sa magdamag.

Makalipas ang ilang buwan, hindi na naghintay si Sonia. Nasanay na siyang mamuhay nang mag-isa pero hindi mag-isa. Text na lang ang nag-uugnay sa kaniya at sa bana. Ritwal na ang paghingi ng paumanhin ni Godofredo—*Byahe nko baby, c u later. Lunch na po, kain na baby. Wag mko intay, OT pa. Luv u!*—na sinasagot naman ni Sonia ng walang pagbabagong, *OK baby, ingat ka. Luv u 2 muchmuchmuch. Mis u. Mwah!*

Naalarma lang si Sonia nang hindi na siya magkasiya sa sofa. Napansin niya ang pamamanhid ng mga hita pagkaraan ng ilang minutong pag-upo. Sandali siyang nagduda kung may sira ang sofa, baka para itong mumurahing kamisetang umuurong habang tumatagal. Pero hindi niya maitanggi ang pagkikiskisan ng mga hita. Para silang mga tsismosang pumuputok sa balita, panay ang bulong sa isa't isa. Sumigid rin sa isip ni Sonia ang text ni Godofredo noong isang umaga. Sa halip na "baby," "babuy" ang nai-text ng bana. Sisitahin niya sana ang lalaki, pero agad din itong nag-text ng sorry, bako-bako raw ang kalsadang dinaanan ng FX, kaya nadupilas ang mga daliri sa keypad. Naalala rin niya ang panunukso ni Godofredo, isang Sabado ng hapon na huli silang magkasamang kumakain ng halo-halo. Sabi ng lalaki, hindi na kailangan ni Sonia ng kasama sa bahay. Dahil maliban pa sa pagiging ilaw ng tahanan, kaya na rin niyang maging haligi. Kasinlapad na rin kasi siya ng haligi.

Umalis si Sonia sa sofa at sumalampak sa sahig. Naiyak siya sa awa sa sarili. Nangako rin siyang magpapayat. Bangus na lang ang uulamin niya sa araw-araw.

Noong unang beses manakawan ng bangus na ihahapunan si Sonia, sinisi niya ang pumupurol na memorya. Baka nakain niya ang isda nang hindi namamalayan. Nang manakawan siya sa ikalawang pagkakataon ng hapunan, nag-init ang kaniyang ulo. Nagprito siya ng dalawang bagong bangus bilang paghihiganti. Nagsisi nga lang siya kinaumagahan dahil napasobra pa ng kain. Nang mawalan siya ng ikatlong bangus na uulamin sa gabi, tinanggap na ito ni Sonia bilang mahiwagang mensahe ng uniberso. Kailangan na talaga niyang magbawas ng timbang. Noong gabing iyon, natulog siyang kumakalam ang sikmura, pero busog sa pag-asa. Kapag muli siyang nagkasiya sa sofa, gigisingin na siya marahil ni Godofredo pagdating nito, isang madaling araw. Mawawala na ang takot niya sa unti-unting pagguho ng kanilang pagsasama.

Nalagot ang pisi ng pasensiya ni Sonia nang mawalan siya ng bangus sa ikaapat na pagkakataon. Nagising siyang gutom na gutom dahil walang hinapunan noong nakaraang gabi. Pagkatapos magprito, iniwan niya sa tabi ng paminggalan ang platong may isang buong bangus. Pumunta lang siya sa sala para tumawag sa Too Big For You. Napapadalas ang pagpapa-deliver ni Sonia ng mineral water dahil umiinom siya sa tuwing natutuksong kumain. Pagbalik niya sa kusina, wala na ang pritong bangus.

Sumulak ang dugo ni Sonia. Hindi na baleng wala siyang hapunan. Hindi na baleng parang espiritu lang si Godofredo, nagpaparamdam pero hindi nakikita. Pero hindi niya matatanggap na simulan ang araw na gutom. Hindi niya maitutulog ang gutom na ito, dahil kagigising niya lang. Ang pakiramdam rin niya, dinusta siya ng magnanakaw. Mga pulubi lang ang sumasalubong sa araw na hungkag ang sikmura. At hindi siya pulubi. Asawa siya ng arkitekto!

May bahid pa ng mantika ang pinggan. May munting tren na gawa sa tulo ng mantika sa tabi nito. Sinundan ni Sonia ang tren. Dinala siya nito sa bahagi ng bintanang nasa likod ng kalan. May mga puting balahibo sa pasimano ng bintana, napagkit sa alikabok at mantika. Noon dumapo kay Sonia na hindi pa siya nag-uulyanin, at walang mensaheng ipinararating ang uniberso. Noon din nabuo sa isip niya ang itsura ng salarin. Kilala niya ito. Minsan na itong nagkaatraso, pinalampas niya lang. Pero hindi na sa pagkakataong ito. Dali-dali siyang nagpakulo ng tubig.

"Humanda ka sa aking kriminal ka," bulong ni Sonia.

## Ang Suspek

Walang alam si Corazon tungkol sa mga problema nina Sonia at Godofredo. Oo, napapansin niyang palaki nang palaki ang kapitbahay na babae, pero wala siyang sinasabi tungkol dito. Hindi niya ugaling batiin ang mga kakilala batay sa pagbabago ng sukat ng katawan. Sadyang tumalon lang palabas ang mga salitang unang hinatid ng dila—"HOY, BAKULAW!"—nang makita niya si Sonia sa kaniyang bakuran. May bitbit na kalderong umaaso ang matabang babae, dahan-dahang lumalapit papunta sa mga talaksan ng lumang diyaryo at sako ng cat food kung saan himbing na himbing si Daga, ang puting pusang alaga ni Corazon.

Sa gulat ni Sonia, sa kanang paa niya naibuhos ang mainit na tubig. Sinurot ng konsensiya at pandidiri si Corazon—alam niyang lolobo na sa ilang sandali ang balat ni Sonia sa paa—kaya nagkunwari na lang siyang

pinagagalitan ang alagang pusa at hindi man lang tinapunan ng tingin ang umaaringking na kapitbahay. Pansamantala rin siyang kinapos sa bokabularyo kaya paulit-ulit ang salitang nasungkit ng diwa. Ikaw talagang bakulaw ka! Napakabakulaw mo! Bakulaw ka talaga!

Tumigil lang siya sa panlalait kay Daga nang hindi na niya matiis ang mga palahaw ni Sonia na parang baboy na kinukuryente. Ibinaba ni Corazon si Daga, lumapit sa kapitbahay, at sinampal ito nang ubod lakas. Saka niya ito inakay papunta sa bahay, habang ipinaalala sa sarili ang malawak na aplikasyon ng RA 8485, ang Animal Welfare Act.

Bagong bili ang toothpaste na ibinigay ni Corazon kay Sonia. Gusto niyang ipahiwatig sa bisita na kaya niyang mag-aksaya ng toothpaste para sa namamagang paa ng mga mahaderang nambabanli ng pusa. Gusto niyang ipaalam na may pambili siya ng pagkain para kay Daga, kaya hindi ugali ng pusa niyang magnakaw ng isda sa kapitbahay. Gusto niyang ipagdukdukan sa mukha ni Sonia na walang alam si Daga kundi kumain, matulog, at mag-iwan ng patay na daga sa gitna ng sala bilang regalo sa amo. Pinalaki si Daga na pusang-bahay, sagana sa tubig na iniinom, at sa tubig mula sa atomizer kapag nagtatangkang lumabas ng tarangkahan. (Kung minsan, sagana sa tsinelas. Kapag mainit talaga ang ulo ni Corazon, nababalibag niya ng tsinelas ang alaga. Hindi naman niya nilalakasan ang pagbato at hindi rin siya asintado.) Ipinakapon niya ang pusa pagsapit sa ikaanim na buwan, kaya hindi inugali ng hayop na gumala kung saan-saan para maglandi. Tumatambay lang ito paminsan-minsan sa bakuran.

Pero hindi siya makasingit kay Sonia. Sa pagitan ng pagngiwi at pagpapahid ng toothpaste sa nabanliang paa, bumubulwak ang mga akusasyon sa bibig ng babae. Si Daga raw ang nagnakaw ng mga bangus. Nakuha pa nitong hukayin ang tanging pagkakataon na nagkasala si Daga. Noong kuting pa ang pusa ni Corazon, nakapuslit ito, at napadpad sa bakuran nina Sonia. Nginatngat ni Daga ang tanim na tanglad ng kapitbahay.

Dahil hindi rin naman talaga niya napagbayaran ang kalokohan ni Daga noon, nag-alok si Corazon na palitan ang mga bangus na nawala. Lalo lang nasilihan si Sonia, at pinaratangan si Corazon bilang iresponsableng amo. Na kesyo nagkukunwari pa siyang concerned sa endangered species (minsan, isang eksotikong loro na may baling pakpak ang sumadsad sa bubong ng bahay niya at naglibot siya sa buong Talong Punay para manghingi ng donasyon sa pagpapagamot nito), dumadampot ng mga ligaw na kuting at tuta, at ibinibigay ang mga ito sa animal welfare groups, pero hinahayaan

naman niya ang alagang magnakaw ng bangus nang may bangus. Isang matinding kahayupan!

Nasaling ang amor propio ni Corazon bilang animal rights advocate. Alam niyang mas mapagmahal siya sa hayop kaysa tao dahil kung may naghihingalong aso at karpintero, sigurado siya sa sariling uunahing tulungan ang aso. (Nag-aral siya ng dog first aid sa Youtube.) Nagbanta siyang idedemanda si Sonia ng trespassing, slander, at animal abuse. Nagbanta naman pabalik si Sonia na idedemanda siya ng theft, minor physical injury, at slander.

"At kailan kita inislander?" tanong ni Corazon.

Ilang sandaling nagpigil si Sonia bago bumulalas, "Tinawag mo akong bakulaw!"

## Ang Imbestigador

Dating tambay si Bree sa parlor ni Mamita. Nagkakapera lang kapag sinusuwerteng makaraket. Nandiyang magmasahe ng mga parokyano ng parlor o kaya naman ng mga kalandiang tricycle driver. Kapag tinatamad pumasok ang residenteng manikyurista ni Mamita, si Bree ang humahalili. Natuto na lang siya sa panonood.

Noong nakaraang eleksiyon, kasama ng iba pang tambay sa Barangay Talong Punay, na-recruit si Bree na maging tagapamahagi ng mga flyer ni Kapitan. Isang mainit na hapon, sa gitna ng pangangampanya sa Kalye Andal, hinimatay si Kapitan matapos pupugin ng halik ng isang matandang babae. Muntik nang mabagok si Kapitan, mabuti na lang at nasalo ng mga miron. Bubuhatin na sana papunta sa van si Kapitan nang umeksena si Bree. Dinaluhong niya ang kaliwang paa ng opisyal, hinubad ang sapatos at medyas, at saka kinagat ang malaking daliri sa paa. Agad namang natauhan si Kapitan, at pagkatapos uminom ng mineral water, umamin na Cebu lechon ang inagahan at tinanghalian. Pinagbawalan na siya ng doktor, pero hindi niya napigil ang paglamon. Gayon rin daw ang kaniyang pagnanasang maglingkod sa Barangay Talong Punay. Masama sa kaniyang kalusugan—hayan at hinihimatay na nga siya!—pero nakahanda siyang ipagpatuloy. Nakahinga nang maluwag ang kaniyang mga tauhan. Nakahinga nang maluwag ang matandang babaeng pumupog ng halik sa hinimatay. Nakahinga rin nang maluwag si Bree dahil nakalayo na siya sa maanghit na paa ng opisyal.

Nanalo si Kapitan. Natuwa ito sa kawalang pakundangan ni Bree na mangagat ng daliri sa paa, kaya ipinapatawag siya sa barangay hall tuwing

alas-tres ng hapon, pagdating ni Kapitan sa barangay hall. Nagpapamasahe ito sa likod, balikat, at batok hanggang antukin. Kapag naghihilik na ang opisyal, inuutusan si Bree ng sekretarya at iba pang staff na bumili ng softdrink. Nang maglaon, nagpapamasahe at nagpapalinis na rin ng kuko ang ibang staff. Nagsilbi rin siyang yaya (para sa mga staff na nagdadala ng anak sa trabaho), messenger, at janitor, hanggang sa italaga na lang niya ang sarili bilang receptionist ng barangay. Binigyan siya ng isang mesa malapit sa pintuan, at iyon ang nagsisilbing reception desk ng barangay hall. Naisip ni Bree na bagay sa kaniya ang posisyon dahil siya naman ang pinakamaagang dumarating.

Itinuring ni Bree na sariling opisina ang barangay hall. Walang nangunguwestiyon kung bakit siya biglang naging tagatanggap, dahil anuman ang iutos ni Kapitan at ng mga staff, ginagawa naman niya nang walang reklamo. Natutuwa ang lahat kay Bree dahil napapagaan niya ang trabaho ng iba.

Kaya noong umagang dumating ang dalawang babaeng walang tigil ang repeke ng mga bunganga, at hinahanap si Kapitan para mamagitan sa kanilang pagbabangayan, inusal ni Bree na parang dasal na hindi niloloob, "Naglulugaw lang ho." Saka siya nagpatuloy sa pagkain ng pandesal na isinawsaw sa kape.

"Ano?" tanong ng iika-ikang matabang babae. Mukha itong kama na balot ng bulaklaking kobre. Masama ang tingin nito sa pandesal.

Mabilis na nginuya at nilulon ni Bree ang kaniyang pagkain bago ipinaliwanag na hindi makikita si Kapitan kung walang appointment. Nasa tarpaulin naman sa entrance ng barangay hall ang cellphone number para sa pagse-set ng appointment. Absent parati si Kapitan pero nagtatrabaho pa rin. Hindi nga lang sa barangay hall. Concerned lang talaga si Kapitan sa mga taong gutom. Concerned siya hindi lang sa nasasakupan niyang barangay, kundi pati sa iba pang barangay. Kasama raw si Kapitan sa walang katapusang feeding program ng paborito niyang konsehal. Hindi raw kasi nagsasawa sa libreng lugaw ang mga pamilya ng informal settlers na maraming bahay pero walang sariling pag-aari, at senior citizens na mahilig mag-organisa ng mga bowling competition at mga beauty pageant. Kaya hindi rin nagsasawang magpakain si Kapitan at ang konsehal. Mga alipin sila ng lugaw.

"Hindi maaari yan! Barangay captain ang ibinoto namin, hindi maglulugaw!" sigaw ng babaeng payat. May bitbit siyang hawla na may puting pusa sa loob.

"May lugawan ho ang pamilya ni Kapitan. Kung tutuusin, maglulugaw ho siya, misis—"

"Miss," sabad ng babaeng may pusa. "Wala pa akong asawa!"

"Pasensiya na ho, Mother, hindi pa gising ang utak."

"Wala pa akong anak!"

"Sorry na nga, madam. Ngayon pa lang kasi ako nag-aagahan," sagot ni Bree.

"Mabuti ka pa, may agahan! 'Yung akin, ninakaw ng pusa!" bulyaw ng matabang babae.

"Hindi magnanakaw ang pusa ko!" protesta ng babaeng payat.

Inubos ni Bree ang natitirang pandesal, saka tinungga ang kape. "Sige ho, pag-usapan natin kung ano ang nangyari. Doon na lang ho tayo sa opisina ni Kapitan. Pasok ho kayo diyan sa unang pinto sa kanan."

## Ang Imbestigasyon, Pt. 1: Sa Kusina ni Sonia

Pinanood ni Bree kung paano maghanda ng bangus si Sonia: binudburan muna nito ng asin, paminta, at pinigaan ng kalamansi ang isda, bago pinagulong sa cornstarch at inilagay sa kawali. Pumisik ang mantika sa kawali nang ilapag ni Sonia ang bangus. Napapitlag tuloy siya at umalon ang mga taba sa buong katawan. Napangiwi rin at napaungol dahil napadiin ang pagtapak sa kanang paa.

"Ipinaglihi kasi ako sa bangus," sabi ni Sonia habang nagpupunas ng pawis sa noo. Ipinunas rin ng babae ang kamay sa kanang paa na nagmamantika rin dahil sa naghalong pawis at lusaw na toothpaste.

Humigop ng kape si Bree. Nakakadalawang kape na siya mula nang dumating sa bahay ni Sonia. Hindi pa rin tapos magprito ang babae dahil apat na kilo ang binili nitong bangus. Gusto raw bumawi mula sa hindi pagkain ng hapunan at agahan. Niyaya na rin siyang sumabay sa pananghalian.

Galing sila ng barangay hall. Umalis muna sa poste si Bree para mapabilis ang pagresolba ng kaso. Ayaw kasing tumigil sa pagbabangayan ang dalawang babae. Hindi siya makasingit sa pagpapalitan ng mga bintang at banta ng demanda. Pagkaraan ng ilang minuto, hindi na nakapagtimpi si Bree. Nakisigaw na rin siya. Kahit nasa loob sila ng opisina ni Kapitan, tumatagos ang mga boses nila sa dingding. Naistorbo tuloy ang mga staff na nanonood ng Youtube at naglalaro ng Candy Crush.

Humupa ang away nang pangakuan ni Bree ang dalawang babae na siya ang personal na mag-iimbestiga sa pagkawala ng mga bangus. Kaya nasa bahay siya ni Sonia. Gusto niyang tingnan ang lugar ng krimen.

“Aah. Ipinaglihi ka sa bangus, kaya mahilig ka sa bangus?”

“Hindi. Kaya ako maputi,” sagot ni Sonia.

“E bakit puro bangus yata ang kinakain mo?”

Hinango ni Sonia ang isang buntot at gilit ng bangus. “Nagpapapayat kasi ako. Ito lang ang kaya kong kainin araw-araw nang hindi ako nagsasawa.”

Humigop ulit ng kape si Bree. “Okay. Saan nga ulit nawala ang mga bangus?”

“Dito sa tabi ng kalan, saka diyan sa hapag. Yung pinakahuli, sa tabi ng paminggalan.”

“Tatlong beses lang iyon, sis.”

“Apat. Dalawang beses akong nawalan sa hapag. Kakainin ko na lang, nawala pa.”

“Saan ka ba kasi nagpupunta bago kumain? Bakit lagi kang nasasalisihan?”

“Yung unang beses, nagpunta ako sa banyo. Yung iba naman, may kinuha lang ako, ganyan.”

“Ano ang kinuha mo? At saan?”

“Kinuha ko ang cellphone ko sa kuwarto.” Itinuro ni Sonia ang kisame. “’Yung huling beses, itong umaga lang, um-order ako ng mineral water. Tumawag ako sa sala.”

Nilibot ni Bree ng tingin ang kusina at kainan. Iisa lang ang bintana, pero mahaba ito. Sakop ng bintana ang likuran ng kalan, lababo, at paminggalan. Ilang hakbang lang ang layo ng hapag sa kalan. Mas malayo ang sala. Mayroong dibisyon, dahil katabi ng sala ang hagdan. Hindi makikita mula sa kusina ang buong sala. Natatakpan ng hagdan ang mahigit kalahati ng tanawin.

“Lagi bang nakabukas ang bintanang yan?” tanong ni Bree.

“Oo, sira kasi itong exhaust fan.” Itinuro ni Sonia ang inaalikabok na exhaust fan sa itaas ng kalan.

“Wala ka bang ibang kasama rito? Ang asawa mo?”

“Nasa trabaho.”

“Nasaan siya noong mga gabing nawala ang mga bangus?”

“Nasa trabaho nga,” mabilis na sagot ni Sonia. “Kain na muna tayo.” Nagsimulang maghain ang babae.

Ulo ng bangus ang ibinigay ni Sonia kay Bree. Gusto pa sanang ipagpatuloy ni Bree ang pagtatanong habang kumakain, pero walang kibo si Sonia. Buong-buo ang atensiyon nito sa paglantak sa isda at isa't kalahating takal ng kanin. (Sagad na raw itong kanin para sa buong araw, sabi ni Sonia. Wala na siyang kanin mamayang gabi.) Tahimik na lang ding nananghalian si Bree.

Lumangitngit ang pinto sa sala. Nasundan ito ng kalabog. Napatigil si Bree sa pagsipsip sa utak ng bangus.

“Sonia, may tao sa sala,” bulong ni Bree. Nakatutok ang mata niya sa bahagi ng sala na walang tabing. May anino.

Hindi siya pinansin ni Sonia. Abala pa rin ito sa pagkain. Gumalaw ang anino. Lumangitngit ulit ang pinto.

“Huy, Sonia. May tao sa sala.”

Patuloy lang sa pagnguya si Sonia. Gumalaw ang anino, mukhang may dinampot. Unti-unti na ito ngayong lumalakad papunta sa bahagi ng salang walang tabing. Tatayo na sana si Bree at kakalabitin si Sonia, pero lumitaw na ang bisita. Muntik na siyang mapasigaw.

Ilang linggo na niyang nakikita sa kanto ang lalaking ito. Kung minsan, nagmamaneho ito ng pedicab. May mga pagkakataon naman, naninigarilyo lang ito sa sari-sari store na malapit sa barangay hall. Nagtanong-tanong siya sa mga kalandiang tricycle driver. Ang sabi nila, nagtatrabaho raw ito sa kung saang bentahan ng mineral water. Nagtangka na siyang abangan ang lalaki sa sari-sari store, pero hindi niya matiyempuhan.

“Saan po?” tanong ng lalaki. May bitbit itong galon ng tubig sa kanang balikat. Nakasuot ito ng sandong itim, kaya kitang-kita ang mga masel sa braso at ang mabuhok na kilikili.

Sa wakas, nagbukas na ang mga tainga ni Sonia. Nilingon nito ang lalaki, pero inubos muna ang kalahating gilit ng bangus bago nagsalita. “Pakilagay na lang doon.” Inginuso ni Sonia ang espasyo sa tabi ng paminggalan.

Habang naghihintay ang lalaki na magsalita si Sonia, ngumiti ito kay Bree. Ibinalik ni Bree ang ngiti, habang nilulunok ang sigaw na sumampa sa lalamunan niya kani-kanina lang. Nag-isip siya ng sasabihin. Pero inilapag na

ng lalaki ang galon ng tubig, kinuha ang bayad mula kay Sonia at lumabas ng kusina, walang namutawing salita sa bibig ni Bree.

Gusto niyang makita ulit ang lalaki.

"Sonia?"

"Mmm?"

"Kanino ka nagpapa-deliver ng tubig?"

"Sa Too Big For You," sagot ni Sonia habang nginunguya ang kaniyang ikaapat na gilit ng bangus.

## Ang Imbestigasyon, Pt. 2: Sa Sala ni Corazon

Nakaupo si Corazon sa divan, kandong-kandong ang pusang si Daga. Nakatitig lang ang babae kay Bree, hindi kumukurap. Napatingin siya sa pusa. Walang kurap na titig din ang sumalubong sa kaniya. Kinilabutan si Bree. Mukhang papatay ang mag-amo.

"Uh, uulitin ko na lang ang tanong—"

"Huwag na, narinig ko naman. Ang masasabi ko lang—at nasabi ko na ito nang paulit-ulit sa matabang bakulaw na elepanteng bintangera na yan na binibilbil ang buong katawan—indoor cat si Daga. Laging busog 'yan, dahil free feeding ang sistema ko," sabi ni Corazon habang tinatapik ang ulo ng pusa. Nangudngod ang pusa sa lakas ng huling tapik ng amo.

Namilog ang mga mata ni Bree. "Free? Hindi mo binibili ang ipinapakain mo sa pusa mo?"

"Hindi," sagot ni Corazon. "Ibig sabihin, laging may pagkaing nakahain para sa kaniya. Wala siyang oras sa pagkain. Kahit kailan, puwede."

Napatingin si Bree sa divan. Mukha itong mamahalin, pero halatang luma na at gutay-gutay na sa kalmot ng pusa. Natutuklap na ang balat ng mga paa nitong gawa sa kahoy. Nakaluwa na ang kutson sa iba't ibang bahagi. "Salamat sa pagpapaliwanag," sabi ni Bree.

"Walang anuman."

"Balikan lang natin yung itinatanong ko kanina. Sa pagkakatanda ko sa sinabi ni Sonia, nasa bakuran ninyo si Daga kaninang umaga. Tama ba?"

"Oo, nasa bakuran siya. Doon ko nga nakita 'yang si Sonia na aktong babanlian ang pusa ko."

“Bakit?” tanong ni Bree.

“Anong bakit? Bakit niya gustong banlian ang pusa ko? Hindi ba pinag-usapan na natin yan sa barangay hall—?”

“Bakit nasa bakuran si Daga? Hindi ba nasa labas ng bahay yon? Kaya—”

“Ano?”

“—hindi talaga siya, ano nga ba ang tawag mo?”

“Indoor cat.”

“Oo, indoor cat. Pero di ba, kapag indoor, nasa loob? Kasi nga, in—”

“Hoy, ang loob ng bakuran ko, loob ng bahay ko!” tumaas na ang boses ni Corazon. Kinuha rin nito mula sa kandungan si Daga at niyakap nang mahigpit. Mukhang hindi makahinga ang pusa pero hindi ito nagpakawala ng kahit munting ngiyaw.

Muntik na niyang itanong kung natutulog rin ba si Corazon sa kaniyang bakuran? O naliligo kaya? Pero alam niyang hindi matatapos ang kaso kung makikipagsabayan siya sa init ng ulo ng mga kasangkot. Nagpakadiplomatiko si Bree. “Nagtatanong lang naman ako. Hindi mo kailangang manigaw,” sagot niya.

“Kinakampihan mo si Sonia!” sigaw ni Corazon.

“Hindi naman sa ganoon, Corazon—”

“Sinasabi ko na nga ba. Kaya doon ka unang nagpunta dahil nasuhulan ka na! Mukha ka naman talagang bayaran! Kayong mga barangay tanod kayo, puro kayo bayaran! Nasasayang ang pera ng taumbayan sa inyo!”

Napikon si Bree. “Hindi ako barangay tanod! Kayo na nga ng pusa mong chaka ang nang-aabala, kayo pa ang galit!” Bago pa siya makapagbitiw ng iba pang masakit na salita, tumingin na lang siya bintana, sa bakuran ni Corazon. Inihain na niya ang kaliwang pisngi para sa sampal.

Pero sa halip na sampal ang dumating, isang pusa. Kulay puti. Halatang kabisado na ng hayop ang lugar. Ibinaling ni Bree ang kaniyang tingin kay Corazon. Nakabalatay ang kaba sa pagmumukha ng babae. Nagkukumawala na rin sa pagkakayakap niya si Daga. Halatang gustong estimahin ang bagong dating.

Naramdaman ni Bree ang kusang pag-angat ng kaliwang kilay. “Hindi mo nabanggit, may isa ka pa palang pusa?” Nilakasan niya ang boses para hindi madaig ang biglang nagsimulang duweto ni Daga at ng bagong pusa.

“Hindi,” mabilis na sagot ni Corazon. “Hindi akin yan.”

“Kaya nasa bakuran mo? Este, sa loob ng bahay mo?”

Sumampa sa bintana ang puting pusa. Ilang sandali lang ang lumipas at nasa paanan na nila ang hayop. Wala pa ring tigil sa pagngiyaw. Pinalaya na ni Corazon si Daga. Nakikipaglaro na ito sa bisita.

Maya-maya, nanawa sa pakikipagharutan ang puting pusa at biglang tumalon sa kandungan ni Bree. Noon niya napansin na magkaiba ang kulay ng mata ng pusang ito—isang dilaw at isang asul. Itinaboy ito ni Bree, pero sige pa rin sa pagkandong sa kaniya. “Ano ba namang pusa ito, ang kapal ng mukha!” tili ni Bree.

“Hindi nga akin ’yang pusang yan,” nayayamot na sagot ni Corazon. Pagkuwa’y tumayo siya at pumunta sa kusina. Paglabas, may bitbit nang platito na may catfood. Pumunta siya sa bakuran at sumutsot. Inilapag niya ang platito sa lupa at dinampot ang sumunod na si Daga, para hindi na makiagaw sa bisita. Dinaluhong ng puting pusa ang pagkain. Ilang minuto lang ang lumipas, dinidilaan na ng puting pusa ang platito. Tinapunan lang nito ng tingin si Corazon, bago tumakbo palabas ng bakuran.

Ibinaba muna ni Bree ang kaliwang kilay bago muling nagsalita. “May gusto ka bang ipaliwanag, Corazon?”

## Ang Imbestigasyon, Pt. 3: Sa Too Big for You

Nagkakamot ng ulo ang lalaki. Nakataas ang kaliwang kamay nito at nakabuyangyang ang kaliwang kilikili. Kumikibot ang masel nito sa braso habang kinakalaykay ng mga daliri ang anit. Bahagya ring kuminig ang mga nakatinghas na buhok sa kilikili dahil sa mahinang pagyugyog ng kalamnan.

Hindi agad napansin ni Bree na nakatanghod pala siya. Natauhan lang siya nang mapahigpit ang pagkakahawak sa plastik na bote ng mineral water. Bigla itong lumagutok, parang taong hindi napigil ang pag-ungol. Upang pagtakpan ang pagkagulat, nagkunwari na lang si Bree na sabik sa tubig. Tinungga niya ang natitirang laman at itinaktak pa ang bote sa ibabaw ng nakabukang bibig at nakasahod na dila.

“Isa pa, ser?” tanong ng lalaking nag-deliver ng tubig ni Sonia. “Mukhang uhaw na uhaw kayo.”

“Ang init kasi,” sagot ni Bree. “Sige, isa pa nga.” Hindi niya malaman kung alin ang pawis ng kamay niya at pawis ng bote ng tubig. Initsa niya ang bote sa basurahan, at agad pinahid sa pantalon ang mga basang palad.

Dumiretso si Bree sa Too Big For You pagkatapos dumalaw kay Corazon. Hindi naman siya nahirapang hanapin ang water refilling station. Dalawang kanto lang pala ang layo nito mula sa barangay hall. Nasa pagitan lang ng talyer at karinderya, kaya hindi kaagad napapansin. At suwerte naman, dahil naka-duty ang lalaki sa counter, at wala pang tumatawag para magpa-deliver.

"Eto po, ser." Iniabot ng lalaki ang bagong bote ng tubig.

"Thank you. Ano nga pala ang pangalan mo?"

"Paulo," sagot ng lalaki. "Kayo, ser?"

"Bree."

"Kakaibang pangalan yan, ser, a."

"Brigido kasi ang pangalan ko. Para bumango-bango naman, ginawa ko na lang Bree."

"Ayos, a," sagot ni Paulo habang tatawa-tawa at nagkakamot ng ulo. Lumitaw na naman ang malagong buhok nito sa kilikili.

Hindi na nakapagpigil si Bree. Baka biglang may magpa-deliver ng tubig, at umalis si Paulo. Kailangan na niyang sunggaban ang pagkakataon. Lumapit siya sa counter, halos dumukwang, at inabot ang kaliwang kilikili ni Paulo. Sinuklay niya ang mangulot-ngulot na buhok sa kilikili ng lalaki at sinipit ng mga daliri ang ilang hiblang kulay puti. Nang makuha ang pakay na hibla ng buhok, inilapit ito ni Bree sa kaniyang ilong. Inamoy-amoy, bago sinipat-sipat na parang kakatwang bagay. Manikit-nikit ang buhok na puti dahil sa naghalong pawis at nanigas na tawas.

(Napatda si Paulo sa ginawa ni Bree. Wala siyang nagawa kundi magpaubaya sa walang paalam nitong paghimas at paglalaro sa buhok niya sa kaliwang kilikili. Wala pang kumakalikot nang ganoon sa kilikili niya, sa pribado o publiko mang lugar. Pero ang higit na bumagabag sa kaniya, nabitin siya nang tumigil si Bree sa paghimas.)

"Ubanin ka ba?" tanong ni Bree.

"Ha?"

"Tinutubuan ka ng puting buhok?"

"Uh, ewan ko," sagot ni Paulo. Makalipas ang ilang sandali, nabuo ang isip. "Parang hindi naman, ser."

Inamoy ulit ni Bree ang hibla ng buhok. "Saan galing ito?"

Kinuha ni Paulo ang hibla mula kay Bree. Tiningnan ito nang maigi. Inamoy. Saka napangiti.

Alas-singko pasado nang umalis si Bree sa Too Big for You. Napasarap kasi sa pagkukuwento si Paulo. Tatango-tango at sige lang sa pagngiti si Bree habang nakikinig, nagtatanong paminsan-minsan, para makuha ang gustong impormasyon at magpatuloy pa ang usapan. Ang totoo, maliban pa sa pakikinig, abala rin si Bree sa tahimik na pagpapasalamat sa kuto o lisa o anumang insekto na namumugad sa ulo ni Paulo. Kamot kasi ito nang kamot sa ulo habang nakikipagkuwentuhan, kaya laging nakalitaw ang kilikili. Halos nabilang na ni Bree ang bawat tupi ng balat at hibla ng buhok. Nagpaalam lang siya nang magsimula nang bumaba ang araw.

Hindi na siya nagtangka pang bumalik sa barangay hall. Alam ni Bree na wala na siyang aabutan. Popular ang Honda sa mga staff ng barangay hall. Tanghali silang magsipasok sa trabaho, pero kung magsilayas, Honda dot.

Bago umuwi, dumaan muna si Bree sa isang sari-sari store. Nagpa-load siya ng cellphone. Saka niya tinext sina Sonia at Corazon. Binilinan niya si Sonia na muling mag-iwan ng isang gilit ng bangus sa tabi ng paminggalan bago matulog pero magtabi ng kaniyang kakainin para sa agahan. Pinagsabihan naman niya si Corazon na bantayan nang maigi si Daga. Huwag na huwag palalabasin ang pusa ng bahay. (At dahil iba ang depinisyon ni Corazon ng loob ng bahay, nilinaw rin ni Bree na sa sala o kuwarto patulugin ang pusa, huwag sa bakuran.) Inimbitahan niya rin ang dalawang babae na bumalik sa barangay hall. Tinext din niya si Paulo.

Kinabukasan, iika-ika pa rin si Sonia nang pumasok, pero maaaliwalas na ang mukha. May kaingayan pa rin ito—umalingawngaw ang boses niya sa barangay hall nang batiin si Bree ng magandang umaga—pero hindi na nanggagalaiti.

"Maganda ata ang gising mo," bungad ni Bree.

Ngumiti nang matamis si Sonia. "Siyempre naman. Nagtimbang ako kanina, at guess what? Nabawasan ako ng four pounds!"

"Panalo ka diyan, Sis!" sabi ni Bree.

Nag-apir sila at naghagikgikan na parang mga kolehiyala. Pinagtinginan sila ng mga staff ng barangay, kaya sumenyas si Bree na hinaan ang usapan. Bumalik rin agad sa mga sariling pagkukuwentuhan ang mga staff—noong umagang iyon, mainit ang balitaktakan nila tungkol sa biglaang pagpapagupit ng buhok ng isang sikat na artistang babae.

"Kumusta pala 'yung bangus na iniwan mo kagabi?" tanong ni Bree.

Sumimangot nang bahagya si Sonia. "Nawala na naman."

"Baka naman kinain mo habang tulog ka," sabad ni Corazon. Walang nakapansin sa pagpasok niya sa barangay hall at paglapit sa reception desk.

"Huwag mong sirain ang umaga ko," sagot ni Sonia.

"Pati buhay mo, sisirain ko kung hindi ka titigil sa pagbibintang sa pusa ko," sabi ni Corazon.

Pumagitna si Bree sa dalawang babae. "Kilala ko na ang magnanakaw." Tumingin siya kay Sonia. "Walang kasalanan si Daga."

"E sino pa ang magnanakaw ng mga bangus ko, kundi 'yang alaga mong pusakal?" Tumaas na naman ang boses ni Sonia.

"Malay ko! Basta hindi si Daga ang nagnakaw. Kasama ko siya buong gabi," sabi ni Corazon.

"Si Minerva. Si Minerva ang salarin," sabi ni Bree.

Bago pa maitanong ng dalawang babae kung sino si Minerva, dumating si Paulo. Nakasuot ulit ito ng itim na sando. Humangos si Bree papunta sa lalaki, at hinila ito papunta sa reception desk. "Paulo, sabihin mo sa kanila kung sino si Minerva."

"Ha?" tanong ni Paulo.

"Sabihin mo sa kanila ang totoo. 'Yung pinag-usapan natin kahapon."

"Sabi mo sa text, kakain tayo?" tanong ni Paulo.

"Oo nga, ililibre kita ng agahan at magkukuwentuhan tayo ulit. Pero aminin mo muna sa kanila na ang pusa mo ang nagnanakaw ng mga bangus ni Sonia."

"Hindi ko alam ang sinasabi mo, ser. Aalis na lang ako."

Bago pa makalayo, hinablot ni Bree ang kaliwang braso ng lalaki at iniangat ito. Tumambad sa dalawang babae ang mabuhok na kilikili ng delivery boy. May mga puting hibla ng buhok na nakahalo sa buhok sa kilikili ni Paulo. "Ito ang katibayan," bulalas ni Bree.

"Wala akong panahon para sa kababuyang ito," sabi ni Corazon, sabay takip ng ilong.

"Sandali lang, tingnan ninyo." Kinuha ni Bree ang ilan sa mga puting buhok. "Buhok ito ni Minerva, ang pusa ni Paulo."

"Ginagago mo ba kami?" tanong ni Sonia.

Ipinaliwanag ni Bree sa dalawang babae ang natuklasan niya sa pakikipagkuwentuhan kay Paulo: may alagang puting pusa ang delivery boy, Minerva ang pangalan. Dating pusang kalye si Minerva na inampon ni Paulo. Tuwang-tuwa siya kay Minerva, dahil likas na malambing at makulit. Dahil lumaki nga sa kalsada, lumalayas pa rin si Minerva at nakikipagbarkada sa ibang pusang kalye. Pero lagi pa rin itong bumabalik kay Paulo. Sa katunayan, magkatabi silang matulog. Nakaugalian na ng pusa na sumiksik sa kaliwang kilikili ni Paulo kapag nasa kama. Nasanay na rin si Paulo, kaya iniuumang na niya talaga ang kilikili para sa alaga. Hindi niya alintana na dumidikit ang buhok ng pusa sa kilikili niya. Hindi natatanggal ni Paulo ang mga buhok pagkagising dahil tuwing gabi siya naliligo. Nagpapalit lang siya ng damit bago pumasok sa trabaho. Hindi rin basta-basta naaalis ang buhok ng pusa sa kilikili ni Paulo dahil lagi siyang nakasando sa trabaho. Paminsan-minsan, nakikita niya ito sa salamin, pero napagkakamalan lang niyang namuong tawas, kaya hindi na lang pinapansin. At kahit nagpapawis siya sa maghapon, masyadong makapal ang buhok sa kilikili ni Paulo kaya maraming nakakapitan ang mga buhok ni Minerva.

"Pero paano mo nasigurong pusa nga niya ang nagnakaw ng mga bangus ko?" tanong ni Sonia. "Marami namang puting pusang nagkalat diyan. Gaya ng alaga nitong babaeng ito." Inginuso niya si Corazon.

"Si Minerva ang nagnanakaw sa iyo dahil nakita ko siya bahay ni Corazon," sagot ni Bree.

"E sabi ko nga, dati ko nang nahuli ang pusa niya sa bakuran ko," pilit ni Sonia.

Sasagot sana si Corazon pero sumenyas si Bree na siya na lang ang magsasalita. "Alam kong hindi lumalabas ng bahay si Daga. Kahapon, pinakain ni Corazon si Minerva. Umalis rin ito agad pagkatapos, pero ni hindi nagtangkang sumunod si Daga. Ni hindi siya nagkumawala sa pagkakabitbit ni Corazon."

"Pero hindi mo pa rin napapatunayan na si Minerva nga ang nagnakaw," depensa ni Paulo.

"Ang pagkakakuwento mo sa akin, makulit ang pusa mo at hindi mahiyain. Kumakandong kahit kanino. Lalo na kapag gutom. Sa mga pagkakataon na hindi niya naaabutan si Corazon sa bahay, nagpupunta siya sa ibang bahay. Ang pinakamadaling puntahan ay ang bahay na may bukas na bintana at may naghihintay na platong may bangus," paliwanag ni Bree.

“Kahit na! Paano mo nalamang si Minerva ang pusa kahapon, e hindi mo pa nga siya nakikita?” tanong ni Paulo.

“Dahil magkaiba ang kulay ng mga mata niya. Asul at dilaw. Hindi ba sabi mo, ’yun ang dahilan kung bakit mo siya inampon?”

Natahimik ang lalaki. Mahina ang boses nito nang muling magsalita. “Pinapakain ko si Minerva. Hindi siya magnanakaw dahil binubusog ko naman siya.”

“Pero hindi mo alam kung saan siya kumakain kapag nasa trabaho ka o kapag ginagabi ka ng uwi,” sabi ni Corazon.

“Napapakain mo ba siya sa oras?” tanong ni Sonia.

“Sigurado akong hindi,” sagot ni Bree.

“Kung minsan, nakakalimutan ko. Busy kasi ako sa trabaho,” bantulot na sagot ng delivery boy. “Pasensiya na ho kayo.”

## Ang Resolusyon

Kinabukasan, dumalaw si Kapitan sa barangay hall ng Talong Punay. Limang buwan na ang nakalipas mula noong huli itong tumapak sa barangay hall, kaya nabigla ang lahat ng staff. Hindi sila nagkandamayaw sa pag-uulat ng lahat ng naganap habang wala ang kanilang pinuno. May nagbida na nag-Top Five ang anak niya noong nakaraang markahan sa Mataas na Paaralan ng Talong Punay. Mayroong nagmalaki na unti-unti na siyang gumagaling sa Flappy Bird. Mayroong nagsabi na gumagawa siya ng sariling mga hakbang para magkaroon ng sariling feeding program ang Barangay Talong Punay. (Binara ni Kapitan ang isang ito. Aba’y hindi raw ba higit pa sa sapat ang feeding program nilang dalawa ng konsehal? Sabay babala na masama ang pagiging adelantado. Maaari itong magbunga ng kawalan ng trabaho.)

Hindi nakarating kay Kapitan ang ginawa ni Bree. Walang bumanggit na nagawa niyang resolbahin ang away ng dalawang residente ng barangay, sina Sonia Villafuerte at Corazon Reyno, tungkol sa mga nawawalang bangus. Walang bumanggit kahit nasaksihan ng buong barangay hall kung paanong nagbati ang dalawa, kuntodo nagyakapan pa, pagkatapos humingi ng paumanhin ni Paulo para sa kasalanan ng kaniyang alagang si Minerva. Nagpalakpakan pa nga ang mga staff, nang sabihin ni Sonia na hindi sisingilin sa delivery boy ang halaga ng mga nawalang isda. (Maraming matang umikot nang marinig ang pamimilit ni Corazon kay Paulo na mangakong pakakainin sa oras ang kaniyang alaga—kuntodo pagtaas ng kamang kamay at pagkukrus

ng dibdib—pero wala naman sa hulog kung babarahin nila ang babae, kaya nanahimik na lang sila at bumalik sa kani-kanilang pinagkakaabalahan.)

Pagkatapos mananghalian, ipinatawag ni Kapitan si Bree sa loob ng opisina. Tulad ng dati, minasahe ni Bree ang opisyal. Habang namimigat ang mga mata, kinumusta siya ni Kapitan. Ano raw ba ang bago sa buhay ng kaniyang paboritong receptionist?

Natukso siyang ikuwento ang umuusbong nilang pagkakaibigan ni Paulo—natuloy pa rin naman ang agahan nila kahapon ng umaga, pagkatapos umalis ng dalawang babae—pero bago pa siya makasagot, nagsimula nang humilik si Kapitan. Itinuloy na lang ni Bree ang pagmamasahe, at kinimkim ang kilig sa napipintong paghimas sa kilikili ni Paulo kahit wala nang mga bangus na nawawala.